

cassava. Ginagawa ang pagsasalit ng tanim na mais 14 na araw makatanim ang cassava.

Magtanim ng mais sa gitna ng mga tudling ng cassava. Gumawa ng tatlong tundos ng mais na ang pagitan at 20 cm. sa bawat isang metro pagitan ng cassava. Maaring ito ay green corn na inaani sa loob ng dalawang buwan o yellow corn na inaani sa loob ng apat na buwan.

Inirerekopmenda ito ngayon upang makapagani ng ibang produkto sa iisang taniman, gaya ng cassava.

Pagtaya sa gastos at kita sa isang ektaryang taniman ng cassava

Gastusin	Timbang	Dami	Halagang bawat yunit	Gastos
Gastos sa produksiyon				
a. Paghahanda ng lupa				9,000.00
b. Gastos sa mga gamit				11,250.00
c. Gastossamanggagawa				5,000.00
Gastos sa taniman				25,750.00
Gastos makaani (post-harvest cost)				10,000.00
Kabuoang Gastos				35,750.00
Kabuoang Kita				
Ani (SariwangUgat) ng mamimili	Gastos	kg.	20,000 5.00	100,000.00
Ani (Tuyo Granulated @ 40% DMY)	Gastos	kg.	8,000 11.00	88,000.00
Netong Kita				
SariwangUgat				74,500.00
Tuyona granulated				52,250.00
Balik ng Puhunan(Return of Investment)				
SariwangUgat				388 %
Tuyona granulated				246 %

Ang Cassava ay inaani sa loob ng 10 hanggang 12 buwan.



Ang polyetong ito ay inilathala ng Department of Agriculture, Regional Field Office-III sa ilalim ng Corn Program.

Inihanda ng Corn Program, RFO-3 sa pakikipagtulungan ng Agricultural Information Section, Regional Office.



Pag-aalagang Cassava

(KamotengKahoy)

Ang cassava (*Manihotesculenta*) o kamotengkahoy ay isang makahoy na halamang-ugat na kabilang sa pamilyang Euphorbiaceae. Itinanim ito sa Pilipinas bilang annual crop, o taunang pananim. Ginagamit ang maraming uri nang lamang-ugat ng cassava bilang pagkain ng tao, hayop, alak at ethanol.

Ang mga barayti na mababa sa cyanogenic glucocides ang ginagamit bilang pagkain ng tao. Ang may mataas naming cyanogenic glucocides ang ginagamit sa paggawa ng arina, pagkain ng hayop, alak at bioethanol na inihahahalo sa gasoline na ayon sa batas.

Ang cassava ay may maraming carbohydrates, kaunting fats at protina, at may mangilang-ngilang vitamins, sodium, calcium at iron.

MgaBarayti

Ang ilan sa mga barayti na inirerekomenda bilang pagkain ng tao dahil sa mababa nitong cyanogenic glucocides ay and Lakan 1, Lakan 2 at Yellow Rayong 5. Para naman sa industrial na barayti, inirerekomenda ang KU 50.

Klima at lupa

Ang cassava ay isang halamang tropical na maganda ang tubo sa mga lugar na nasisikatan ng araw. Hindi maganda ang paglalaman nito kapag itinanim sa mga malilim na lugar gaya ng sa ilalim ng mga niyog. Nabubuhay ito kahit sa mga lupa na mababa ang sustansiya, mababang pH levels (4.4), ngunit naapektuhan naman kapag mataas ang pH.

Matibay ang cassava sa tagtuyot (drought); maganda ang pagtubo kahit parehas ang ulan sa buong taon at sa mga lugar na may anim na buwang tag-araw at anim na buwang tag-ulan.

Mga Pangtanim

Ang pinaka tangkay na kahoy ang ginagamit na planting materials sa pagtanim ng cassava. Ang gagamiting pananim na tangkay na kahoy ay hindi dapat bumaba sa walong (8) buwan ang gulang at walang sakit o peste.

Putulin ang tangkay na ang haba ay mula 20 hanggang 50 cm. Pagsamahin ang mga tangkay na kahoy ayon sa pinagkuhanan nito. Halimbawa, pagsamahin sa isang grupo ang mga pinakapuno, gitna at itaas na bahagi ng tangkay ng cassava. Itanim ang mga ito ayon sa grupo sa taniman ng cassava.

Pagtanim

Itanim ang cassava sa layo na 100x100 cm. o isang metrong layo. Kung medyo tuyo ang bukid na pagtaniman, itanim ng medyo pahiga. Kung basang-basa naman ang lupa, gaya kung tag-ulan, itanim ang mga tangkay ng cassava ng patayo kung saan 3-5 cm. ang nakalitaw. Itanim ang mga tangkay ng nakaangat ang tudling kung tag-araw at karaniwang tudling kapag tag-ulan. Maghulip ng mga namatay na tanim dalawang (2) lingo makatanim.

Pag-aabono

Kung kinakailangan, maglagay ng mga tuyong dumi ng hayop (50 bag sa isang ektarya) sa paghahanda ng taniman upang maihalo ito ng mabuti sa lupa. Maglagay ng 4 na bag ng 14-14-14 sa paglililang (basal) at takpan ng lupa ang abono upang hindi sumama sa hangin.

Maglagay ulit ng apat (4) na bag ng 14-14-14 dalawang buwan makatanim. Ilagay ang abono ng paikot sa tanim mga 15 cm. ang layo sa punongtanim. Patubigan agad ang taniman upang matunaw ang inilagay naabono.

Pagpapa tubig

Patubigan ang taniman ng cassava sa unang tatlong buwan makatanim lalo sa tag-araw. Sa tag-

ulan, patubigan lang kung madalang ang ulan at kung kinakailangan.

Pagdadamo at pag gagamas

Magdamo lang sa unang dalawang buwan makatanim. Paraanan ng araro ang mga gilid ng tanim palabas (off-barring) tatlo hanggang apat na lingo makatanim. Pasundan ito ng pag-aararo ng papasok (hilling-up) dalawa hanggang apat na lingo pagkaraan ng off-barring.

Pamamahala ng pesteng kulisap

Ang spider mites ang pinaka matinding pesteng kulisap ng cassava. Mag-isprey ng angkop na pamatay kulisap kung kailangan. Basahin ang mga direksiyon sa label ng pestisidyo.

Pamamahala ng Sakit

Ang cassava bacterial blight at *Cercospora* leaf spot ang karaniwang mga sakit ng cassava. Gumamit ng angkop na fungicides, Sundin ang direksiyon sa mga label ng fungicides. Ipinapayo na gumamit ng mga planting materials na wala ng sakit upang hindi na maisalin sa susunod na pagtanim.

Pag-aani, pagpapatuuyo at pagbebenta

Bunutin ang mga tanim kapag inabo na ito ng sampu hanggang isang taon makatanim. Ang pangkaraniwang ani ng cassava ay mula 15 hanggang 20 tonelada bawat ektarya.

Agad ibilad ang mga lamang ugat, kasama na ang balat ng cassava ng mga dalawang araw. Maari nang mabili ito. Upang mabili ng mahal, maaring gumamit ng makinang granulator. Mas mabilis matuyo ang cassava kapag napiraso na ito. Kung maulan at walang araw, patuyuin ang aning cassava sa mga flat bed dryers upang maiwasan ang aflatoxin.

Mag-intercrop ng Mais

Habang inaalagaan ang cassava, maari ding isabay ang mais na puti o dilaw sa iisang lugar. Karaniwang ipinapagitna ang mais sa pagitan ng mga